<table>
<tr><td rowspan="2">CITY OF TURLOCK INC. 1908</td><td rowspan="2">FINANCE OFFICE<br>156 S. BROADWAY, SUITE 114<br>TURLOCK, CA 95380-5454<br>209-668-5570</td><td>POLISIYA #: 98-02</td></tr>
<tr><td>MSI #:</td></tr>
<tr><td></td><td>KODIGO NG SANGGUNIAN:</td><td>ORIHINAL NA PETSA:<br>10/27/97</td></tr>
<tr><td colspan="2">PAKSA:<br><br>POLISIYA AT PAMAMARAAN NG PAGTUTOL SA TANGGAPAN NG PANANALAPI</td><td>PETSA NG REBISYON:<br><br>07/23/19</td></tr>
</table>

Ito ang polisiya ng Tanggapan ng Pananalapi (Finance Office) ng Lungsod ng Turlock upang pangasiwaan ang Pamamaraan ng Pagtutol.

**PAKAHULUGAN:** **Ang PAGTUTOL ay hinaing hinggil sa Tanggapan ng Pananalapi, Mga Pamamaraan ng Tanggapan ng Pananalapi, Mga Polisiya at/o Mga Empleyado ng Lungsod sa Tanggapan ng Pananalapi.**

**Ang anumang reklamo hinggil sa mga Ordinansa ng Lungsod, Resolusyon o Pangkalahatang Polisiya ng Lungsod na itinakda ng Konseho ng Lungsod o ng isang Tanggapan ng Lungsod maliban sa Pananalapi ay hindi pagtutol laban sa Tanggapan ng Pananalapi at dapat ihain sa Klerk ng Lungsod o sa Tanggapan ng Lungsod kung saan nauugnay ang reklamo kung hindi masiyahan ang Kostumer sa available na impormasyon at awtoridad na available sa Pananalapi.**

Ang layunin ng pamamaraan na ito ay pahintulutan ang mga kostumer na maghain ng Reklamo sa Tanggapan ng Pananalapi ng Lungsod ng Turlock at makatanggap ng abiso ng desisyon ng Lungsod hinggil sa Pagtutol.

Upang maghain ng Pagtutol sa Tanggapan ng Pananalapi ng Lungsod ng Turlock, dapat gawin ng kostumer ang mga sumusunod:

1. Magsumite ng kompleto at nilagdaang form sa Reklamo sa Lungsod ng Turlock sa loob ng sampung (10) araw mula sa petsa na naghain ang Kostumer.

2. Kung hindi kayang pumunta ng kostumer sa Tanggapan ng Pananalapi upang sagutan ang form, maaaring magpadala ng form sa kostumer para sagutan, lagdaan at ibalik ito sa Tanggapan ng Pananalapi sa loob ng sampung (10) araw.

3. Ang isasagawang aksiyon ay nakadepende sa uri ng reklamo.

4. Makikipag-ugnayan sa Kostumer na naghain ng pagtutol hinggil sa ginawang desisyon hinggil sa pagtutol.

5. Itatago ang mga nilagdaang pagtutol nang hanggang sa 90 araw.